

Loan Tenor

1. Para sa STL: Hanggang 360 days na Promissory Note (PN) batay sa production cycle o projected cashflow, babayaran ng lump sum.
2. Para sa STLL:
 - Para sa Production Loan- Nakabatay sa siklo ng pagtatanim o ani. Ang bayad sa interes at kabuuang utang (prinsipal) ay isang beses lang babayaran sa itinakdang panahon (maturity date).
 - Para sa Working Capital - Nakabatay sa cash flow ng proyekto, ngunit hindi dapat lumampas sa 360 araw ang loan term. Maaaring i-renew kapag natapos na ang termino. Ang interes ay babayaran kada tatlong buwan, habang ang kabuuang utang (prinsipal) ay babayaran nang buo sa isang bayaran. Para sa agricultural production loan, ang credit line ay maaaring gamitin sa loob ng dalawang (2) taon.
3. Para sa TL: Higit isang (1) taon hanggang sampung (10) taon, batay sa production cycle o project cashflow ngunit hindi mas mahaba kaysa sa economic useful life ng asset; pwedeng bayaran monthly, quarterly, semi-annually o annually. Maaaring pahintulutan ang palugit sa pagbabayad ng punong utang at interes na hindi lalampas sa tatlong (3) taon, depende sa daloy ng pera ng proyekto.

Loan Collateral/Security

Alinman o kumbinasyon ng mga sumusunod, kung naaangkop:

1. Pagtatalaga ng kita mula sa mga insurance claims ng PCIC, CLI, at iba pang insurance companies na accredited ng LBP Insurance Brokerage, Inc. (LIBI)
2. Pagtatalaga ng ani at mga matatanggap na bayad (receivables)
3. Pagtatalaga ng Purchase Orders
4. Pagtatalaga ng matatanggap mula sa guarantee claims ng Philippine Guarantee Corporation/AGFP
5. Pagtatalaga ng DA-ACPC Claims
6. Pagtatalaga ng Promissory Notes ng mga sub-borrowers at kanilang kasamang collateral
7. Seguridad sa bagay na popondohan (security interest on the object of financing)
8. Real Estate Mortgage
9. Iba pang collateral na tinatanggap ng Bangko Seguridad sa bagay na popondohan (security interest on the object of financing)

Documentary Requirements

Para sa SFFs at ARBs

A. Paunang Proseso:

1. Ganap na napunan na Loan Application Form na may larawan
2. Sertipikadong Tunay na Kopya ng titulo ng lupa, o Sertipikasyon na pirmado ng MARO para sa ARBs

Para sa production loan, kung ang nag-aaplay ay hindi may-ari ng lupa, kinakailangan ang alinman sa mga sumusunod na dokumento o katulad na instrumento para sa lupang gagamitin sa proyekto, na may natitirang panahon na sapat para sa tagal ng utang:

- Notaryadong Kontrata ng Pagpapaupa (para sa nangungupahan o leaseholder)
- Pahintulot na arin at bungkalin ang lupa sa pamamagitan ng isang Special Power of Attorney (SPA) o Sertipikado ng Kapitan ng Barangay (may dry seal, kung naaangkop)
- Notaryadong Deed of Sale o Sertipikado ng Kapitan ng Barangay (may dry seal, kung naaangkop)
- Deklarasyon ng Buwis (Tax Declaration) sa pangalan ng aplikante
- Sertipikasyon ng Barangay Agrarian Reform Council (BARC) ng pagsasaka at Sertipikado ng Kapitan ng Barangay (may dry seal, kung naaangkop)
- Sertipikasyon mula sa MAO / CAO ng pagsasaka
- Sertipiko ng Ancestral Domain Title na nakarehistro sa Registry of Deeds
- Sertipiko ng Stewardship (CS) Contract mula sa DENR
- Sertipikasyon mula sa alkalde ng bayan na ang magsasakang nangungupahan ay hindi mapapaalis hangga't may natitirang utang (saklaw lamang ang mga lupa sa ilalim ng awtoridad ng LGU)

3. Katibayan ng pagpaparehistro sa RSBSA/FishR o enrollment stub/ID na may

numero at pirmado ng MAO, kung naaangkop

4. Endorso mula sa DAR, kung ARBs, para sa mga magsasakang ARB ng palay sa mga may patubig na lugar, maaaring magsumite ng endorso mula sa DAR o NIA.
5. Endorso mula sa NIA, para sa mga magsasaka ng palay sa mga may patubig na lugar.
6. Katibayan ng pagdao sa Loan Orientation, Financial Literacy, o anumang katulad na pagsasanay/seminar, maliban sa mga nangutang na sa naunang programa ng AGRISENSO Plus at mga muling nanghihiram sa AGRISENSO Plus.
7. Pro-forma invoice ng mga nakatakandang bilhing fixed assets, kung naaangkop.

B. Pre-release

8. Pagpirma sa Standard Loan Documents (hal. Simplified PN o PN na may Deed of Assignment, kung naaangkop, at Disclosure Statement)
9. Seguridad sa bagay na popondohan / fixed assets, real estate mortgage, at naaangkop na insurance coverage, kung naaangkop.

Tandaan: Ang Farm Plan and Budget o Simple Business Plan, kung naaangkop, ay dapat nakabatay sa commodity modules na inihanda ng DAD, MAO, o DA.

Bakit Dapat Kang Mag Avail?

- **Mas Flexible:** Tugma sa bawat yugto ng iyong agricultural production.
- **Mas Abot-Kaya:**

4% *Fixed Rate para sa mga magsasaka, mangingisda at ARBs
6.5% to 7.5% para sa ibang kwalipikadong borrowers.

- **Mas Secure:** Libre ang life at credit life insurance para sa dagdag kasiguraduhan.
- **Mas Comprehensive:** May libreng training para mapabuti ang iyong operasyon.

Ang AGRISENSO Plus, Kaagapay sa Pag-Asenso!

**Subject to program fund availability*

Programs Management Department I
27th Floor, LANDBANK Plaza
1598 M.H. del Pilar cor. Dr. J. Quintos Sts.,
Malate, Manila
Tel. No. (+632) 8405-7450

Para sa karagdagang impormasyon,
makipag-ugnayan sa pinakamalapit na
LANDBANK Lending Center:



Regulated by the Bangko Sentral ng Pilipinas
<https://www.bsp.gov.ph/>

www.landbank.com

@landbankofficial

@LBP_Official

Land Bank of the Philippines (Official)

AGRISENSO Plus Lending Program (Tagalog)_draft05292025



AGRISENSO Plus Lending Program

*Agriculture Growth and Resource Integration
through Strategic and ENhanced Delivery of
Support and Opportunities Plus*

Katuwang ang:



Sino ang maaaring humiram?	Small Farmers and Fishers (SFFs) at Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs)	Farmers' and Fishers' Cooperatives and Associations (FFCAs), Agrarian Reform Beneficiary Organizations (ARBOs) at Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs)	Large Enterprises/Anchor Firms	Agriculture Graduates
<p>Ano ang pamantayan sa paghiram?</p>	<p>Para sa lahat ng borrower:</p> <ol style="list-style-type: none"> May maaasahang proyekto at depinidong pagkukunan ng pambayad. Walang outstanding loans sa bangko o ibang formal lending institutions para sa parehong proyekto na inaaplayan; at walang outstanding past due loan sa bangko at sa mga conduit nito, kung nauukol. Walang negatibong record ang borrower at ang Directors/Key Officers, kung nauukol. Sa kaso ng mga start-up, maaaring maipakita ang pagiging pamilyar sa panukalang proyekto (ibig sabihin, ang tagapagtaguyod o mga pangunahing opisyal ay may karanasan na sa parehong uri ng negosyo, o may karanasan sa pagtatrabaho sa kahalintulad na negosyo, at/o nakadalo sa mga kaugnay na pagsasanay hinggil sa ipinanukalang negosyo). <ol style="list-style-type: none"> Dapat ay hindi bababa sa 18 taong gulang ngunit hindi hihigit sa 65 taong gulang sa oras ng pag-aapply ng loan; kung hindi, kinakailangan ng co-borrower o Credit Life Insurance (CLL) o iba pang uri ng insurance coverage. May "marketable surplus" o sapat na aning pang benta at hindi para sa subsistence farming o para sa sariling pang-konsumo Aktibong nagsasaka ng lupa o direktang nagsusupervise ng actual farming operations, o kaya ay leaseholder na mismong nagsasaka ng lupa. Sa kaso ng mga ARB, kung ang titulo ng lupa ay nasa proseso pa ng paglilipat, ang ARB ay kailangang magprisinta ng sertipikasyon na pirmado ng (MARO). Nakatala sa Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA), Fisherfolk Registration System (FishR) o kaya ay may RSBSA/FishR enrollment stub/ID na may numero at lagda ng Municipal Agricultural Officer (MAO) Kasama sa updated NIA Masterlist para sa mga small rice farmers na nasa irrigated areas. <p>Ang maliit na magsasaka ng palay ay kailangang lumahok sa konsolidasyon at pagpapangkat-pangkat ng mga sakahan na may kaugnayan o pakikipag-ugnayan sa mga FFCA (kabilang ang mga kuwalipikadong IA) at malalaking negosyo, kung naaangkop.</p> <p>Tala: Ang maliit na magsasaka na maaaring hindi kwalipikado sa ilalim ng programa ay bibigyang serbisyo sa pamamagitan ng mga programang pautang na itinakda sa batas o mga espesyal na programang pautang.</p>	<p>Para sa FFCAs at ARBOs:</p> <ol style="list-style-type: none"> Rehistrado sa Cooperative Development Authority (CDA) at Securities Exchange Commission (SEC). Karamihan sa mga miyembro ay magsasaka o mangingisda o kaya naman mga miyembrong hindi magsasaka at mangingisda ngunit may direktang ugnayan sa agricultural value chain Hindi bababa sa anim (6) na buwan ang kanilang operasyon. May Core Management Team (hal. Manager, Cashier/ Treasurer at Bookkeeper) May sistema at pamamaraan para sa lending operations <p>Para sa MSMEs - Rehistrado sa Department of Trade and Industry (DTI) o Securities and Exchange Commission (SEC) at may iba pang naaangkop na mga permit sa negosyo.</p>	<ol style="list-style-type: none"> Namamahala ng consolidated or clustered farms o di kaya ay may collaboration/ partnership sa mga magsasaka/ARBs at kanilang mga organisasyon, na may cumulative area na 100 hectares. Hindi bababa sa tatlong (3) taon ang kumikitang operasyon na sinusuportahan ng credible in-house at BIR-filed Audited Financial Statements 	<ol style="list-style-type: none"> 18 hanggang 35 taong gulang sa panahon ng loan application May business plan o feasibility study sa agri-business venture na may kaugnayan sa study o training.
<p>Ano ang mga proyektong maaaring tustusan?</p>	<ol style="list-style-type: none"> Pagbili o produksyon ng palay, mais, high-value crops o mga binhi. Produksyon ng pangisdaan Pagbili o produksyon ng hybrid na binhi/punla at/o in-bred na binhi/punla/de-kalidad na materyales sa pagtatanim. Paggawa at pagsasaayos ng fishpond. Pagkuha ng mga binhi, pakain, pataba, manok, hayop, at iba pang kahalintulad na kagamitan o bagay. Pagbili ng mga kagamitan o makinarya sa pagsasaka/pangisda na ang halaga ay hindi lalagpas sa P500,000.00 	<p>Para sa relending sa ARBs at small farmer-member o pagtustos sa mga proyektong pinamamahalaan tulad ng mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> Produksyon (palay, mais, high-value crops, binhi) Produksyon ng pangisdaan Pagbili o produksyon ng hybrid na binhi/punla at/o in-bred na binhi/punla/de-kalidad na materyales sa pagtatanim. Pagbili ng mga binhi, pakain, pataba, manok, hayop, at iba pang kahalintulad na kagamitan o bagay. Pagbili o pagrenta ng kagamitan at makinarya sa pagsasaka Pagtatayo o pagsasaayos ng mga pasilidad bago at pagkatapos ng anihan, tulad ng mga thresher, moisture meter, dryer, timbangan, makinang panggiling, ice plant at cold storage, planta ng pagpoproseso, bodega, buying station, imprastruktura sa pamilihan, pasilidad sa transportasyon, at/o planta para sa pag-iimpake, at iba pa. Paggawa at pagsasaayos ng fishpond Permanent Working Capital Working Capital para sa Trading Purposes 	<p>Pagtustos sa mga proyekto tulad ng mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> Pagbili o pagrenta ng kagamitan at makinarya sa pagsasaka Pagtatayo o pagsasaayos ng mga pasilidad bago at pagkatapos ng anihan, tulad ng mga thresher, moisture meter, dryer, timbangan, makinang panggiling, ice plant at cold storage, planta ng pagpoproseso, bodega, buying station, imprastruktura sa pamilihan, pasilidad sa transportasyon, at/o planta para sa pag-iimpake, at iba pa. Permanent Working Capital Permanent Working Capital Working Capital for Trading Purposes 	<ol style="list-style-type: none"> Produksyon ng palay, mais, high-value crops o mga binhi Produksyon ng pangisdaan Pagbili o produksyon ng hybrid na binhi/punla at/o in-bred na binhi/punla/de-kalidad na materyales sa pagtatanim. Pagbili o pangmatagalang pag-upa ng lupang sakahan na kinakailangan para sa produksyon sa antas ng bukid o anumang gawaing may kaugnayan sa agrikultura. Paggawa at passasaayos ng fishpond Agri-agra related automation o digital system
<p>Ano ang halaga na maaaring hiram?</p>	<ul style="list-style-type: none"> Para sa production loan – hanggang 90% ng kabuuang gastos sa pagsasaka* Para sa fixed asset acquisition – hanggang 80% ng kabuuang acquisition cost o project cost <p><i>*Batay sa pamantayang plano at badyet ng sakahan na inihanda ng DAD/MAO/DA o ayon sa partikular na pangangailangan ng mga anchor firm, bawas na ang subsidiyo para sa mga materyales mula sa DA at iba pang ahensya (hal. halaga ng binhi, pataba, at iba pang input), kung mayroon man.</i></p>			
<p>Ano ang interest rate?</p>	<p>4.0% per annum fixed para sa SFFs and ARBs (Directang pagpapautang)**</p> <p>**Subject to Program Fund Availability</p>	<p>Para sa ibang eligible borrowers, batay sa LANDBANK prevailing rate sa panahon ng availment.</p>		